BAKIT NARARAPAT BASAHIN ANG BIBLIA

ANG Biblia ay isang kamalig ng banal na katotohanan na gumaganti sa pagbabasa maging ito'y ginagawa dahil lamang sa pangpanitikang kahalagahan nito, sa alituntuning katuruang asal nito, o sa katotohanang kaugnayan nito pang-araw-araw na buhay (gaya ng sa kawikaan).

Subalit doon sa mga handing mag-aral ng mga nilalaman ng kahanga-hangang aklat na ito na may pakay na pag- aralan ang mga ninanais ng Diyos sa kanila, ito ay nag-aalokng pangkasalukuyan at panghinaharap na mga pagpapala na di kayang sukatin ng tao. (Apocalipsis 1:3), sapagkat "Ang mga bagay na hindi nakikita ng mata, at ni hindi narinig ng tainga, ni hindi pumapasok sa puso ng tao, anumang mga bagay na inihanda ng Diyos sa kanila na nagsisiibig sa kaniya"(1 corinto 2:9)

Gayon pa man, ito'y nangangailangan ng pag-aaral upang ang pananampalataya ay maitatag at mapalago. "Ang tao ayon sa laman na hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos, sapagkat ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya, at hindi niya naunawa sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa Espiritu.''(1 Corinto 2:14).
Sa pag-aaralay may uusbong na pagmamahal sa aklat, at sa may akda na ang kaniyang pagibig ay maihayag dito, at sa impluwensiya nito ang mambabasa ay maakay sa pagsinag ng ganoon ding pagibig sa iba. Samakatuwid, ang Banal na Aklat na ito ang siyang pinakadakilang kapangyarihan para sa kabutihan na nasa mga kamay ng mga tao-kung ito lamang ay babasahin ng may paguunawa.

Ang aming pakay ay upang ilagay ang susi sa paguunawa nito sa mga kamay ng Mambabasa upang kaniyang higit na maunawaan ang mensahe nito, at upang maakay na kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos.

Kami ay umaasa na ang aklat na ngayon sa mga kamay ng mambabasa ay makatulong sa kaniya sa ganoong tuntunin.

ANG SUSI SA KAUNAWAAN NG BIBLIA

Ang daigdig ay naglalantad ng maraming malulungkot na mag tanawin doon sa mga matang nakakita. Kung saan ang katotohanan sana ay ipagbubunyi para sa pagasa at kaligtasan ng namamatay na tao, ating makikita ang mga magkakasalungat na panangangaral at matinding alitan. Sa halip na isang pantay pantay n pagbabahagi ng kayamanan ng lupa sa kanyang mga anak, ating makikita na milyun-milyon ang naghihikahos sa gutom; sa halip na kapayapaan at kasaganahan, ating nakikita ang mga paghahanda sa digmaan at mapaniil na pagbubuwis. Ating nakikita na ang kayamanan ay

napapa sa kamay lamang ng kakaunti- ang mahihirap ay lalong naghihirap; ang mga manggagawang handang magtrabaho ay walang mapasukan at nagugutom; ang nasisiphayong mga tao ay umaaklas. Wala na bang kalunasang maaaninag? Mayroon. Mula sa malungkot na mga tanawin, babalingan natin ang isang larawan, nagniningning at maganda , na iginuhit ng Diyos sa Kaniyang walang pagkakamali at inspiradong Salita. Dito ating makikita si Cristo na muling kasama natin na namumuno bilang Hari sa buong lupain (Zacarias 14:9; Apoc. 11:15)- iisang Kautusan (Isa. 2:3)- iisang relihiyon (Zac 14:16-17) – walang digmaan (Awit 46:8-10) – walang kakulangan ng katarungan (jer 23:5) – walang maling pamamahala(Isa. 11:1-5)- walang pagmamalupit (Isa. 29:20) – walang karaingan sa mga lansangan (Awit 144:14) – ang mahirap at walangkakayahan at nalilingap (Awit 72:4) – ang lupain ay nagbibigay ng saganang ani (Awit 67:6) – ang mga pusong mapasalamatin ay laganap (Awit 113:2-3). Ang mapabahagi sa pagpapala sa hinaharap ang syang pag asa ng natatanging gospel lamang- ang gospel ng mga Kasulatan.

Ang lahat ng naabot ng kaniyang tinig ay tumatanggap ng mensahe at isang paanyaya galling sa Diyos. Huwag nating Siyang pagsarhan ng pintuan.

ANG BIBLIA- ANG TANGING PAGASA NG ISANG NABAGABAG NA DAIGDIG

Tagutom, mga digmaan ,walang kapanatagan sa pulitika, walang katatagang panlipunan, walang pampersonal na kasiyahan at di maayos na ekolohiya- ito ang buong larawan ng daigdig ngayon. Sa kabilang dako , ang kapayapaan , tunay na kaunlaran, at kasaganaan para sa lahat ng dumadaming pamayanan ng daigdig ay mga guni-guni lamang. Ang mga ito ay nanatiling mga pagasa lamang na binibigkas ng may kabanalang pagbanggit na salat sa katotohanan, samantala ang lipunan ay binubuo ng kasakiman, krimen, kahalayan, karahasan at kabulukan sa lahat ng sakop ng buhay. Minsan ay maaring makahiwalay sa mga suliranin ng daigdig , upang makapamuhay ng maiging pamumuhay at upang ihiwalay ang sarili mula sa pambansa at pansariling kaugalian at kahirapan ng ibang tao; subalit ito ay hindi na maaari. Tayo ay nabubuhay sa daigdig na kailanman ay hindi tayo maaring manatiling bukod at hiwalay. Ganito ang lawak g mga suliranin sa daigdig sa kasalukuyan na ang bawat tao sa ibang paraan ay nadadamay;- sa kanilang pag tatrabaho , sa tahanan o sa kanilang kaanak ; at sa kung anong itinuturing niya bilang mahahalagang mga paglilingkod, ang mapayapang pagiisip ay nagiging mailap sa kanya dahil ang mga pahayagan ay walang humpay na nagdadala ng mga balita ng pinaka huling panganib ng daigdig.

Kasabay nito, isang katanungan ang palaging sinasambit, ‘Paano kaya ang kahinatnan ng mga ito’?

Ang tinig ng pinaka mapagasa ay halos tahimik, hindi na sya tiwalang – tiwala na maiaayos pa nila ang mga ito .Napakalawak ng kasamaan sa daigdig, kasindak-sindak ang pagkakaroon ng digmaang nukleyar, na walang sinumang nakaaalam kung saan magpasimula ang lunas. Ang mga diplomatiko, mangangalakal , pinuno ng bansa,

siyentipiko, taga kawanggawa, at mga manghihimagsik ay magkahalintulad na walang sapat na kasagutan. Sila ay magmumungkahi ng panandaliang lunas, subalit wala ni isa ang makapagbigay ng ganap na lunas.

Mayroon bang isang lubusang kasagutan? Saan naroon ang kalutasan? Aming ibinabaling ang pansin ng mambabasa sa Maylalang at sa Kaniyang nakasulat na Salita- ang Biblia. Madalang gamitin, at halos iginagalang , ang Balita na hindi lamang nagpapahayag ng mga suliraning ito mga ilang daang taon na ang nakalipas, kundi naghahayag ng kalutasan sa mga ito.

ANG PANGUNAHING TURO NG BIBLIA

Ang Biblia ay isang aklatan ng 66 na mga aklat na naghahayag ng panukala ng Diyos sa lupa, at ang Kaniyang planong pagliligtas sa tao. Ang mga aklat na ito ay naisulat sa loob ng halos 1,600 na taon at ang iba't- ibang mayakda, o tagasulat (dahil ang mga nagasulat ng Biblia ay nagsulat sa pamamagitan ng pagkasi ng Diyos), ay hango mula sa iba't-ibang antas ng lipunan. Mga hari, pinuno ng bayan, saserdote , escriba, tagapastol, mangingisda , eskolar ay naging bahagi sa pagbuo nito; datapwat , sa kabila ng pagkakaiba ng panahon at kaurian ng mga sumulat, ay may isang ganap na pagkatugma sa lahat ng kanilang itinuturo at isinulat. Ang bawat isa sa mga sumulat ay nagpapahayag ng kakaibang tapyas ng iisang dakilang pagasa.

Ang paksa na umuugnay sa mga aklat na ito ay tinaguriang "Ang Gospel", ang pagkaunawa sa mga turo niyaon ay nagsisilbi bilang isang susi na nagbubukas ng mga lihim ng panukala ng Diyos ukol sa lupa. Sa kasamaang palad, kahit marami ang tumutukoy sa gospel, lubhang kakaunti ang nakaunawa sa mga katuruan nito. Sa karamihan, ang tunay na katuruan ng Biblia ay tulad ng isang nakapinid na aklat.

Gayon pa man , ang walang hanggang kaligtasan ay kaugnay ng pagkakaunawa ng Gospel (Roma 1:16), at sa layuning ito amin kayong hinihimok na masusi at maiging usisain ang anumang sa aklat na ito"y aming inilalatag.

Ang katagang Gospel , ay nangangahulugang mga magagandang balita o mga masasayang balita. Ito minsan ay itinuturing sa kasulatan ng Gospel ng Diyos , dahil ito ay isang magandang balita na nanggagaling sa Kaniya, na kakaiba sa huwad na mga mensahe na nagmula sa tao.

Napakahalaga na maunawaan ang tunay na mensahe ng Gospel. Isinulat ni Pablo.

"Datapuwat kahima't kami , o isang anghel na mula sa langit na nangaral sa inyo sa inyo ng anumang ebanghelio na iba sa aming ipinangaral sa inyo, ay matakuwil "(Gal 1:8)

Kung ang isang kinasihang apostol ay hindi ligtas mula sa gayong sumpa kung siya ay mangaral ng isang taliwas na ebanghelyo, tiyak na ang mas mababang tao ay hindi rin ligtas kapag ginawaito. Sa kasawiang palad , ang sumpa ay nananatili sa

Sangkakristianuhan dahil dito. Alinsunod dito , ang kasaysayan nito ay isang talaan ng di pagkakabigkis, kaguluhan at pagdanak ng dugo . Ang tunay na kapayapaan ay di nito alam.

ANG GOSPEL AY NAGTATALAKAY SA HINAHARAP

Ang Gospel ay isang payak na paghahayag ng panukala ng Diyos sa sangkatauhan. Sa pinakapayak na anyo, ito ay pinagbuklod ni Pablo sa siyam na salita lamang. Kaniyang isinulat:

"Ipinangaral na ng Diyos ang Ebanghelyo kay Abraham na sinasabi : Sa iyo ay pagpapalain ang lahat ng mga bansa " (Gal 3:8)

Ang Gospel o Ebanghelyo, samakatuwid ay isang hula; ito ay nagsasalita ukol sa hinaharap; dahil ang mga pangako nito ay hindi pa natutupad. Sa ibang dako , si Pablo ay nangaral na si jesucristo ay dumating " upang pagtibayin ang mga pangako na ibinigay sa mga magulang " (Roma 15:8) ang mga pangakong tinutukoy ay yaong mga pangako sa mga magulang ng lahing Judeo; sina Abraham, Isaac at Jacob. Itinuro ni Pedro:

"….ipinagkaloob Niya sa atin ang Kaniyang mahahalaga at napakadakilang mga pangako; upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa kalikasang walang kasiraan yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita" (2 Pedro 1: 4)

Ipinangaral ni Pablo na ang ebanghelyo ay nauunawaan sa pangako na ibinigay ng Diyos kay Abraham. Kung sa gayon, upang mapasaatin ang tunay na kaunawaan sa Biblia, kailangang ating maunawaan ang mga bagay ukol kay Abraham.

SI ABRAHAM – ANG KAIBIGAN NG DIYOS

Ang talambuhay ni Abraham ay isiniksik sa higit kumulang na 12 kabanata ng Biblia (Gen 12-14) na maaring mabasa sa loob ng 40 minuto. Aming ipinapayo ng taimtim sa mambabasa na bigyan niya na halaga ang pagbasa ng bahaging ito ng Biblia, dahil ang buhay ni Abraham ang siyang bumubuo ng isang tularan para sa lahat ng tunay na mananampalataya(Roma 4:23-24).

Si Abraham ay nananahan sa Ur ng mga Caldeo (Gen 11:28, Jos 24:2) kung saan una niyang narinig ang tawag ng Diyos na inihiwalay ang sarili sa paglalakbay patungong Haran, kasama ang iba pang mga kaanak niya. Doon, siya ay nanatili ng ilang panahon hanggang siya ay muling tinawag ng Diyos., at ibinigay sa kaniya ang ilang mga pangako na nakasalalay sa kaniyang paglisan mula sa Haran tungo sa lupain na ipapakita ng Diyos sa kaniya (ang makabagong Israel)

Ang Genesis 12:1-3 ay nagbabalangkas ng mga pangako na ibinigay ng Diyos kay Abraham.

“Sinasabi ng panginoon kay Abram , umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong kamag-anak , at sa bahay ng iyong ama, na ikaw ay pasa lupaing itututuro ko sa iyo; at gagawin kitang isang malaking bansa, at ikaw ay aking pagpapalain at padadakilain ko ang iyong pangalan; at ikaw ay maging isang kapalaran ; at pagpapalain ko ang mga magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa ”

Ang pangakong ito ay maaring hatiin sa mga sumusunod:

1. Ang pambansang pangako- ipinangako ng Diyos na si Abraham ay magiging dakilang bansa.
2. Ang pangakong pansarili- ang kaniyang panaglan ay magiging dakila sa buong lupa at siya ay magiging isang pagpapala.
3. Ang pangakong pangsambahayan- pagpapalain ng Diyos yaong magpapala kay Abraham at susumpain ang susumpa sa kanya.
4. Ang pandaigdig na pangako- Sa kaniya ang lahat ng mga angkan sa lupa ay pagpapalain.

Ang huling tala na ito ay sinipi ni Pablo sa Galacia 3:8 bilang buod na mensahe ng Gospel.

Ang apat na bahagi ng pangako na binigay kay Abraham ang nagpapaunawa sa bawat bahagi ng mensahe ng Biblia.

ANG APAT NA BAHAGI NG PANGAKO NG PAGASA

Wala sa mga pangakong ito ang lubos na natupad dahil sa ang mga ito ay naghihintay ng pagkatatag ng Kaharian ng Diyos dito sa lupa.

Isaalang –alang ang pambansang pangako , halimbawa- ang salinlahi ni Abraham, ang bansang Judio ay sa ngayon at maging noon ay hindi pa naging isang dakilang bansa. Totoo na ang bansa ay sumikat sa katanyagan at kaluwalhatian sa panahon ng paghahari ni David at Solomon , subalit ito ay panandalian lamang , at ito ay nagwakas sa digmaang-bayan na naghati sa labindalawang angkan sa dalawang pangkat , na kilala sa kasaysayan at sa Kasulatan bilang Israel (ang hilagang kaharian ng 10 angkan) at Juda (ang katimugang kaharian ng 2 angkan).

Ang kasaysayan ng Israel ay isang talaan ng palagiang pagtalikod, kabiguan at pagkatalo, na humantong sa pagsasawalat ng mga Judio sa lahat ng mga bansa.

Tiyak, ang kasaysayang ito ay di naghahayag sa kanila bilang isang dakilang bansa sa anumang kapanahunan. Kahitpa'y sa panahon ng paghahari ni David ang bayan ay naghimagsik laban sa kanya, at pansamantalang nagtaboy sa kaniya sa luklukan.

Kailan maisakatuparan ang pangako kay Abraham?

Ang kasagutan ay sa hinaharap.

ANG PAMBANSANG PANGAKO

Bagama't isinawalat ng Diyos ang Israel (Deut. 28:64-67), Kaniya pa ring titipuning muli ang bansa; (Deut.30:1-3 , Jer. 31:10), at ibalik ito sa kaniyan sinaunang lupain (Ezec. 39:25-29). Ang bayan ay tuturuan ng Banal na Katotohanan at tatangis dahil sa nakaraang kabulagan (Zac. 12:9-10). Patatawarin sila sa kanilang mga kasalanan (Micas 7:18-20), at maitatatag bilang pangunahin sa mga bansa (Micas 4:7-8).

Ang lahat ng mga ito ay magaganap alinsunod sa pangako na ibinigay kay Abraham. Inihayag ng propeta:

"Iyong isasagawa ang kagandahang – loob kay Abraham , na iyong isinumpa sa aming mga magulang mula sa mga araw ng una" (Micas 7:20)

"Hindi ko ginawa ito dahil sa iyo, o sambahayan ni Israel kundi dahil sa aking banal na pangalan, na iyong nilapastangan sa mga bansa na iyong pinaroroonan" (Eze 36:22)

Ang baying Judio ay nakabalik na sa kanilang sinaunang lupain ngayon at ang bansang Israel ay muling nabuhay, dahil sa pangako na ibinigay ng Diyos kay Abraham.

Ang baying Judio, at ang bansang Israel ay susupilin at pakumbabain pa, upang sila ay maitaas ayon saa panukala ng Diyos. Inihayag ng Diyos:

"Aking kukunin mga anak ni Israel mula sa gitna ng mga bansa, na kanilang pinaroroonan, at pipisann ko sila sa lahat ng dako, at dadalhin ko sila sa kanilng sariling lupain; at gagawin ko silang isang bansa sa lupain , sa mga bundok ng Israel; at isang hari ang magiging hari sa kanilang lahat" (Ezek. 37:21-22)

Sa pahayag na ito ay may pangako:

1. Ang pagtitipon muli ng bayan.

2. Ang pagkatatag muli ng bansa.
3. Ang pagpanumbalik ng paghahari

Ang haring tinutukoy ay ang Panginoong Jesucristo na inilarawan bilang " Jesus na Nazareno , ang Hari ng mga Judio". Sa ilalim ng kaniyang matatag at matuwid na pamamahala, maabot ng bansang Israel ang kadakilaan na naipangako sa pamamagitan ni Abraham.

ANG PANGAKONG PANGSARILI

Isaalang-alang ang pangakong pangsarili kay Abraham. Siya ba ay pinagpapala na ngayon? Dakila na ba ang kanyang panagalan ? Siya ba ay isang pagpapala na sa lupa?

Ang kasagutanay, Hindi! Si Abraham ay patay na; ang kanyang pangalan ay malayo sa kadakilaan ayon sa kuro ng sangkatauhan, na karamihan sa mga ito ay walang alam tungkol sa kaniya.

Sa papaano at kailan matupad ang pangako?

Sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli mula sa pataytungo sa buhay na walang hanggan sa pagbabalik ni Cristo. Ang panginoon mismo ang siyang naghayag nito. Kaniyang sinabi sa mga Judio na Tumanggi sa Kaniyang kaawaan at pagliligtas, 2000 taon na ang nakalipas, na sila ay ibabangon mula sa patay at itatakwil ng kanilang Mesias, at masaksihan si Abraham at iba pa, na nagtatamasa ng kalagayan na sana'y kabahagi sila, kaniyang ipinahayag:

"Diyan na nga ang pagtangis kung mangakita ninyo si Abraham, at si Isaac, at si Jacob, at ang lahat ng mga propeta sa kaharian ng Diyos, at kayo'y palabasin. At sila'y magsipanggaling sa silangan at sa kanluran , at sa hilagaan at magsisiupo sa kaharian ng Diyos" (Lucas 13:28-29).

Sa panahong yaon, si Abraham ay kapwa pinagpala at isang pagpapala, at kilalanin ng mga tao na isang karangalan ang makaugnay sa kaniya. Sa muli, ating tingnan ang kaganapan ng pangako sa dakong hinaharap.

ANG PANGAKONG PANGSAMBAHAYAN

Ang pangakong pangsambahayan, ay may kaugnayan sa yaong mga yayakap sa mga pangako kay Abraham, na naglalakad ayon sa kaniyang mga hakbangin. Sila'y kaniyang magiging katuwang sa kaharian naitatatag ni Jesus dito sa lupa at magmamana ng buhay na walang hanggan. "…**at kung kayo'y kay Cristo , kayo nga'y binhi ni Abraham , at mga tagapagmana ayon sa pangako" (Gal. 3:29).** Sila ay ang bumubuong bahagi ng dakilang sambahayan ni Cristo, na pagpapalain sa kadahilanan ng kaugnayan kay Abraham na kanilang pinagpala. Kaya't ang sugnay ng pangako, ay bumubuo ng isang katiyakan sa sambahayan ni Abraham.

Tayo ay magiging kabahagi ng sambahayan sa pamamagitan ng pananampalataya sa ebanghelio sa kasunod ang bautismo sa kay Cristo Jesus (Gal. 3:26-29).

Ang pandaigdig na pangako ay nagtuturo sa panahon kung kailan ang matuwid na paghahari ni Cristo , ay maitatatag sa buong lupa , at ang sangkatauhan ay magsisigalak dito. Kung gayon**,-" ang kaharian ng sanglibutang ito ay magiging kaharian ng ating Panginoon at ang kaniyang Cristo na maghahari magpakailanman " (A**poc. 11:15) ang kautusan ay magmumula sa sion, at ang salita ng panginoon ay mula sa Jerusalem, dadalhin ang lahat ng mga bansa sa kalagayan ng pagkakaisa at kapayapaan sa harap ng Diyos(Isa. 2:4). Ang maluwalhating pamamahala ng panginoong Jesucristo ang lulutas sa mga suliranin na nagpapahirap sa sangkatauhan ngayon . Ang mga dukha ay tutulungan, ang nangangailangan ay kalingain, ang malupit ay tanggalin sa kapamahalaan at," ang lahat ng mga bansa ay maglilingkod sa Panginoon at matunghayan siyang isang pagpapala" (Awit 72:11,17). Wala ng pangangailangan na itaguyod ang malaking bilang ng hukbong katihan, makapangyarihang hukbong pandagat at hukbong panghimpapawid na mangalaga ng karapatan ng sari-sariling mga bansa kung iisang hari lamang ang mamumuno sa pinagisang daigdig. Ang yaman ng mga bansa, na noo'y ginugugol sa digmaan, ay magagamit para sa kapakanan ng sangkatauhan . Ang bungang ito ang siyang katuparan ng pangako ng Diyos kay Abraham" **Sa iyo ang lahat ng mga bansa ay pagpapalain".**

Ito, tulad ng ipinahayag ni Pablo ang bumubuo ng Gospel (Gal.3:8), at magkaroon ng kaganapan sa pamamagitan ni Cristo (v.16), ang binhi ni Abraham (Mateo 1:1)

At ang Gospel ang bumubuo ng susi na magbubukas ng tunay na kahulugan ng alinmang bahagi ng Salita ng Diyos.

<u>"ANG LAHAT NG LUPAING ITO AY IPAGKAKALOOB KO SA IYO"</u>

Ang Genesis ay nagtala ng karagdagang paglawak sa mga pangako ng Diyos kay Abraham. Si Abraham ay umunlad kasama ng kaniyang pamangkin g si Lot hanggang sa umabot na ang kanilang pinagsamang mga kawan ay naging isang kakutyaan, na nagbunga ng hidwaan sa gitna ng kani-kanilang mga pastol.

Sila'y nagpasyang maghiwalay at si Abram (ang tawag kay Abraham noong una) ay maalwang nagalok kay Lot na unang pumili sa lupain. Nakita ni Lot ang sagana sa tubig na patag ng Jordan, kasama ang mauunlad na lunsod ng Sodom at Gomora., at nahikayat sa inaasam na maalwang pamumuhay at nakakalugod na pakisalamuha upang lisanin si Abraham at piniling bumaba patungong Sodom.
Siya ay bumaba sa di lang iisang pamamaraan , na iniwan kay Abram, ang kahirapan, ang kaluwalhatian, ang kahalagahan ng baku-bakong mga bundok ng lupang pangako at ang pagmana ng Betel- ang bahay ng Diyos.

Pagkatapos na makapaghiwalay si Lot sampu ng kaniyang mga kawan, ang Diyos ay muling nagbigay ng karagdagang pangako kay Abraham. Sinabi sa kaniya:

" Itingin mo ngayon ang iyong mga mata, at tumanaw ka sa dakong iyong kinalalagyan, sa dakong hilagaan, at sa dakong silanganan at sa dakong kanluran ; sapagkat ang buong lupaing iyong natatanaw ay ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi magpakailanman ….magtindig ka, lakarin mo ang lupain, ang hinaba-haba at niluwang-luwang niyan ; sapagkat ibibigay ko sa iyo" (Gen. 13:14-17)

Hindi natin mahigitang pansinin ang kahalagahan ng panagakong ito na ibinigay kay Abraham ito ang kabuuan ng bantayan ng pansariling pagasa ng bawat mananampalatayang tunay. Napansin na si Abram at ang kanyang binhi ay pinangakuan ng lupain MAGPAKAILANMAN, at hindi lamang habang sila'y nabubuhay. Kapansin-pansin na ang pangakong ito ay hindi pa natupad, dangan sana si Abraham ay buhay pa hanggang ngayon. Alinman at si Abraham at ang kanyang binhi ay ibabangon muli mula sa libingan at bigyan ng buhay na walng hanggan upang magtamasa ng manang ipinangako o hindi natin mapagkatiwalaan ang mga pangako ng Diyos.

Papaano yaong nagtuturo na ang ipinangakong gantimpala ay nasa langit? Kanilang karaniwang ipinapaliwanag ang pangako kay Abraham na sumasaklaw lamang sa pagsasakop sa lupain g siya pa'y nabubuhay.Subalit taliwas nito, 1900 taon matapos mamatay si Abraham, si Esteban; ang unang martir na Cristiano, ay maliwanag na nagpahayag na hindi pa kailanman natanggap ni Abraham ang lupang ipinangako sa kanya. Higit na mahalaga, kaniya ring ibinatay ang kanyang paniniwala sa mga pangako na ibinigay sa dakilang taong mananampalatayang ito. Kanyang ipinahayag:

“Inilipat siya ng Diyos sa lupaing ito, na inyong tinatahanan ngayon; at hindi siya pinamanahan ng anuman doon, kahit mayapakan ng kaniyang paa at siya’y nangakong yao’y ibibigay na pinakaari sa kanya, at sa kaniyang binhi pagkatapos niya….”(Gawa 7:1-5).

Sa papaano matatanggap ni Abraham ang lupaing ipinangako sa kanya ? Sa pamamagitan lamang ng pagbangon mula sa patay tungo sa buhay na walang hanggan sa pagbabalik ng Panginoong Jesucristo.(Isa. 26:19; Dan 12:12 Gawa 26:6-8)

ANG PANGAKO NG DIYOS KAY DAVID

Ang mga pangako ng Diyos na ibinigay kay Abraham ay ipinalawak at ipinaabot maraming taon ang nakalipas sa isa sa mga lahi ni Abraham , kay David na hari ng Israel. Sa 2Sam. 7:10-16, ating mababasa ang pangako ng Diyos kay David. Sinabi sa Hari:

“At aking tatakdaan ng isang dako ang aking bayan na Israel, at aking itatatag sila, upang sila’y magsitahan sa kanilang sariling dako, at huwag ng mabago pa, ni papaghatiin pa man sila ng mga anak ng kasamaan.”(v. 10)

“Igagawa ka nga ng panginoon ng isang bahay.Pagka ang iyong araw ay maganap, at ikaw ay matutulog na kasama ang iyong mga magulang , aking ibabangon ang iyong binhi pagkatapos mo, na magmula sa iyong tiyan, at aking itatatag ang kaniyang kaharian. Kaniyang ipagtatayo ng bahay ang aking panagalan , at aking itatatag ang luklukan ng kaniyang kaharian, MAGPAKAILANMAN. Ako’y magiging kaniyang ama, at siya’y aking mgiging anak: ang iyong sambahayan at ang iyong kaharian ay matitiwasay magpakailanman sa HARAP MO ; ang iyong luklukan ay matatatag MAGPAKAILANMAN(v.12-16)”

Ang pangako kay David samakatuwid ay naglalakip ng :

1. Ang pagkatatag muli ng Israel sa Lupang Pangako, na kailanma’y din a matitinag o madadalamhati pa man. (v.10)

2. Ang pagluklok ng isang Hari sa luklukan ni David MAGPAKAILANMAN , na kapwa anak ng Diyos at anak ni David (v12-14).

3. Ang pagpapatayo ng isang Bahay o Templo ng Diyos ng haring ito (v.13).

4. Ang paghahayag ng isang tapat na “bahay” o salinglahi sa lipi ni David.(v. 11-12)
5. Ang kamatayan ni David (v.12) na pagkatapos niyaon ang pinangakong ank ay isisilang, na siyang titiyak ng kanyang pagbangon tungo sa buhay na walang hanggan , upang kanyang Makita ang mga bagay na ito na maitatatag magpakailanman “ sa harap niya”.

Ang pangakong ito ay humahanay sa likas na pagkasunod-sunod mula sa pangako kay Abraham – ang unang ibinigay na pangako ay isang lupang mamanahin; ang pangalawang pangako ay isang luklukan ng isang kaharian.

Wala ni isa sa mga pangakong ito ag natupad na. Sa katunayan, ang luklukan ni David ay din a nakikita sa loob ng 2000 taon. Ilan sa mga mahahalagang salita ay inihayag kay Zedecias, ang huling hari ng Israel, sa Ezekiel 21:25-27.

“At ikaw , o masama na nasugatan ng ikamamatay na prinsipe sa Israel, na ang kaarawan ay dumating, sa panahon ng parusang pinakawakas ; ganito ang sinabi ng Panginoong Diyos , ilapag mo ang tiara , at alisin mo ang putong; ito’y din a mangyayari pa uli itaas mo ang mababa at ibaba mo ang mataas. Aking ititiwarik, ititiwarik,ititiwarik ito; ito rin nama’y hindi na mangyayari uli, hanggang sa dumating yaong may matuwid na kaniya, at aking ibibigay sa kaniya. ”

SI JESUCRISTO AY YAONG ANAK NI DAVID

Ang anak na ipinangako kay David, at ang isa na may matuwid na kaniya, na tinutukoy ni Ezekiel ay ang Panginoong Jesucristo. Ito ay walang dudang pinatotohanan ng mga salita ni Gabriel a binanggit kay Maria bago isinilang ang kaniyang anak.Siya’y sinabihang:

“Maglilihi ka, at manganganak ka ng isang lalaki, at tatawagin mo ang kaniyang pangalang Jesus. Siya’y magiging dakila at tatawaging anak ng Kataastaasan , at sa kaniya’y ibibigaay ng Panginoong Diyos ang luklukan ni David na kaniyang ama, at siya’y maghahari sa angkan ni Jacob magpakailanman; at hindi magwawakas ang kaniyang kaharian. ”(Lucas 1:31-33)

Ang katuparan ng mga salitang ito ay nangangailangan ng pagbabalik ng Panginoong Jesucristo sa lupa upang ibangon si David at ang lahat ng kahalintulad niya mula sa patay tungo sa buhay na walang hanggan;

ipanumbalik muli ang Israel sa kaganapan, at maghari mula sa Jerusalem bilng isang Hari.

ANG PAGPARITO NI CRISTO AY MAGBABAGO NG DAIGDIG

Ang pagbabalik ng Panginoong Jesucristo, sa katauhan at makikita sa lupa ay isang pangunahing turo ng salita ng Diyos , kapuwa sa matanda at Bagong Tipan. Ipinahahayag na ni Isaias na ang araw ay darating na"… isang manunubos ay paroroon sa SIon, at sa kanila na nangaghihiwalay sa Jacob ng pagsalangsang sabi ng Panginoon " (Isa.59:20) at ang kaniyang pagbabalik ay nauugnay sa kapalaran ng bansang Israel; Inihayag na ni David sa Awit:

"Ikaw ay babangon at maawa sa Sion: sapagkat panahon ng pagkakaawa sa kaniya, oo ang takdang panahon ay dumating ….Sapagkat itinayo ng Panginoon ang Sion, siya'y napakita sa kaniyang kaluwalhatian" (Awit 102:13-16)

Ang propetang si Daniel, pagkatapos makapagsalita ng walang pagkamaling nauukol sa kapanahunan natin, ay nagsabi:

"At sa mga kaarawan ng mga haring yaon ay maglalagay ang Diyos ng langit ng isang kaharian , na hindi magigiba magpakailanman : o ang kapangyarihan man niyao'y iiwan sa isang bayan: kundi pagputul-putulin at lilipulin Niya ang lahat ng kahariang ito, at yao'y lalagi magpakailanman" (Daniel 2:44)

Ang larawan ay tunay na magkahalintulad sa Bagong Tipan. Iyo bang napagisip ang di-mapagdudang kahulaugan ng mga salita ng mga anghel na nagugulumihanang mga apostol sa araw na an gating Panginoong Jesucristo ay umakyat sa langit mula sa Bundok ng Olivo pagkatapos na siya'y mabuhay na maguli? Sila'y pinagsabihang:

"At samantalang tinitigan nila ang langit habang siya'y lumalayo, narito may dalawang lalaking nangatayo sa tabi nila na may puting damit; na nangasasabi naman, kayong mga lalaking taga Galilea, bakit kayo'y nangatayong tumitingin sa langit? Itong si Jesus na tinanggap sa langit mula sa inyo , AY PAPARITO GAYA RIN NG INYONG NAKITANG PAGPAROON NIYA sa langit" (Gawa 1:10-11)

Sumasangayon din dito ang mga salita ng lahat ng mga manunulat sa Bagong Tipan (gayon din sa matanda). Kuning halimbawa ang:

“ At kayong mga pinighati ay bigyang kasama namin ng kapahingahan sa pagpapakahayag ng panginoong Jesus mula sa langit na kasama ng mga anghel ng kaniyang kapangyarihan na nasa nagniningas na apoy. Na maghihiganti sa hindi nagsisikilala sa Diyos. At sa kanila na di nagsisitalima sa ebanghelio n gating panginoong Jesus : na siyang tatanggap ng kaparusahan , na walang hanggang kapahamakang mula sa harapan ng Panginoon at mula sa kaluwalhatian ng kanyang kapangyarihan . Pagkapaparito siya upang luwalhatiin sa kaniyang mga banal, at upang siya’y maging kahanga-hanga sa lahat ng mga nagsisisampalataya sa araw na yaon (sapagkat an gaming patotoo sa inyo ay pinaniniwalaan)” (2 Tesalonica 1:7-10).

Maliwanag, ang mga mananampalataya noong unang kapanahunan ay kumukuha ng aliw sa tiyak na pagasa ng pagbabalik ng kanilang Panginoon upang itatag ang isang literal na pandaigdigang kaharian ; at ang mga mananampalata ng ebanghelio sa madulang kaarawan ngayon ay makakuha ng aliw sa ganoon ding pagasa , na batid na ang mga tanda ay nagpapahiwatig ng tiyak na pagbabalik ni Cristo sa ating panahon.

Upang maitatag ang isang Banal na Kaharian sa lupang ito, ito samakatuwid ay nangangailangan ng pagaalis ng lahat na kapamahalaan sa ngayon. Ito ay maliwanag na pinapakita na mga hula tungkol sa kaniyang gawain sa kaniyang pagbabalik. Tingnan ang Awit 2; Mikas 4: 1-8 at Isaias 2:1-4. Hindi na patuloy na maghahari ang kapamahalaan ng mundo ng di-makatarungan, di-makatao, kasakiman, mapanghangad at kabulukan; kundi **“ mula sa Sion (Jerusalem) ay lalabas ang kautusan; at ang salita ng Panginoon ay mula sa Jerusalem” at “ kaniyang hahatulan ang dukha sa bayan, kanyang ililigtas ang mga anak ng mapagkailangan , at pagwaray-warayin ang mangaapi ….sa kaniyang mga kaarawan ay giginhawa ang mga matuwid; at saganang kapayapaan hanggang s amawala ang buwan….siya naman ay magtataglay ng pagpapakapanginoon sa dagat at dagat, at mula sa ilog hanggang sa mga wakas ng lupa….lahat ng mga hari ay magsisiyukod sa harap niya: lahat ng maga bansa ay mangaglingkod sa kanya”(Awit 72).**

Hindi lamang ang pansangsinukob na pamahalaan ay magmula sa Jerusalem; kundi ang lungsod na iyon ay magiging sentro na pagsamba. Oo, din na manatiling may kalituhan sa mga relihiyon at paniniwala, kundi iisang pansangsinukob na pananampalataya na hihimok sa bawat tao at magpagalaw ng bawat puso sa pagsamba sa iisang tunay na Diyos. (Zacarias 14:16-19).

Ito ang kasagutan ng Maylalang sa anim na libong taong di-tamang pamamahala ng tao.

Wala sa pulitika o sa pagtututol ang mkapagligtas sa sangkatauhan mula sa bingit ng kaguluhan na siyang kinasasadlakan nito. Tanging Diyos lamang ang may kasagutan, at kaniyang tinityak na kaniyang tuparin sa kaniyang itinalagang panahon. Kaniyang mahabaging ipinahayag sa pamamagitan ng kanyang salitng may hula,ang Biblia, ang mga haliging palatandaan na nagbabalita ng panahon ng kaniyang pamamagitan sa mga kalakaran ng tao.

Isang babala, mahal na mambabasa, na dumating na ang panahon kung kailan, di lamang mga tanda sa paligid natin ng maliwanag na nagpapahayag na ang kaniyang kamay ay magpapasimula ng kumilos, kundi lubhang mahalaga na kaniyang tuparin ang kaniyang pangako na" **Susuguin ang Cristo, na itinalaga sa inyo, na siya'y kinakailangan tanggapin ng langit hanggang sa nga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay, na sinalita ng Diyos sa pamamagitan ng bibig ng kaniyang banal na propeta buhat pa ng una "(Gawa 3:20-21).**

Si Cristo ay DARATING, upang ibangon ang mga patay na may pananagutan sa kahatulan (1 Corinto 15:22-26); upang gantimpalaan ang matuwid (2 Timoteo 4:1,7-8): at upang maghari sa lupa (Apocalipsis 5:9-10).

ANO ANG KAHULUGAN SA IYO NG PAGPARITO NI CRISTO?

Ang mga suliranin ng mundo ay hahantong sa sukdulan at si Jesucristo ay babalik bilang kaganapan ng mga pangako bilang isang pinangakong binhi ni Abraham at anak ni David upang maghari sa daigdig ng may katuwiran mula sa sinaunang luklukan ni David.

Subali't, sa papaano aapekto ito sa iyong sarili?

Ang mga usapin na aming natalakay ay bumubuo ng mga alituntunin ng EBANGHELIO.

Ang pananampalataya sa IISANG TUNAY NA EBANGHELIO at bautismo sa pangalan ng PANGINOONG JESUCRISTO ay mahalaga para sa kaligtasan.

"…At sinabi niya (ni Jesus) sa kanila (ang mga alagad), magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelio sa lahat ng kinapal. Ang sumampalataya at mabautismohanay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumampalataya ay parurusahan". (Marcos 16:15-16).

Pansining maigi ang kahulugan ng ebanghelio ayon sa Biblia at iyong makikita na ang lahat n gaming sinasalaysay ay napapaloob dito.

"…datapuwa't nang magsipaniwala sila kay Felipe na nangangaral ng mabuting balita tungkol sa KAHARIAN NG DIYOS at sa PANGALAN NI JESUCRISTO, ay nangabautismohan ang mga lalaki at mga babae" (Gawa 8:18).

Ang Diyos ay nagaalok ng buhay ng walang hanggan at ng pagmana sa Kaniyang Kaharian sa yaong nagsisisampalataya at sumunod sa ebanghelio. Ang pagkaunawa sa katotohanan ng Diyos na inihayag sa kaniyang aklat (Biblia), ang bautismo na pangtakip-sa-kasalanan sa pangalan ng kaniyang anak na si Jesucristo, at isang buhay na inaalay at pagkamasunurin sa mga alituntunin na inilatag sa kaniyang salita na ipinakita sa buhay ni cristo, ay mga mahahalagang pangunahing kinakailangan para sa kaligtasan sa araw ng kaniyang pagpapahayag.

"Sapagka't kayong lahat ay mga anak ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya kay cristo Jesus: sapagkat ang lahat na sa inyo ay binautismohan kay cristo, ay ibinibihis si cristo. Wala ng magiging Judio o Griego man,walang magiging alipin o Malaya man, walang magiging lalaki o babae man: sapagkat kayong lahat ay iisa kay cristo Jesus. At kung kayo'y kay cristo. KAYO NGA'Y BINHI NI ABRAHAM, AT MGA TAGAPAGMANA SA PANGAKO." (Galacia 3:26-29).

ANG BUOD NG "IISANG PANANAMPALATAYA NA ITINURO NG MGA APOSTOL

"May isang Katawan,at isang espiritu, gaya naman ng pagkatawag sa inyo sa isang pagasa ng pagtawag sa inyo;isang panginoon,ISANG PANANAMPALATAYA, isang bautismo,isang Diyos at ama ng lahat, na siyang sumasa sa ibabaw ng lahat,at sumasa lahat ,at nasa lahat" (Efeso 4:4-6).

ANG BIBLIA

Ang Matanda at Bagong Tipan ay kapwa paghahayag ng Diyos sa tao,at kapwa parehong may kapamahalaan. Ang mga ito ay lubusang kinasihan at walang pagkakamali. Ang Bagong Tipan ay nagdadagdag sa Matandaan na ang katuruan nito ay tanging nababatay lamang ditto. (Lucas 24:27,1 Tesalonica 2:13, 2 Timoteo 3:16, 2 Pedro 1:19-21).

ANG DIYOS

Ang **Diyos** ay isa hindi tatlo, inihayag Niya ang kaniyang sarili bilang Ama ng ating Panginoong Jesucristo at ng lahat ng may kaugnayan sa kaniya sa pananampalataya (Deuteronomio 6:4, Marcos 12:29-32, 1 Corinto 8:5-6, Efeso 4:6, 1 Timoteo 1:17,2:5).

Ang ESPIRITU ay ang kapangyarihan ng Diyos na sapamamagitan nito ay nilalang Niya ang lahat ng bagay, at sa pamamagitan nito sila'y namamalagi (Genesis 1:1-2, Awit 104:30, Gawa 17:25-28). Ito rin ay ginagamit sa pagsasalarawan ng kapangyarihan ng banal na katotohanan sa kaisipan ng isang mananampalataya, dahil sa ang pagpapahayag ng mga ito ay nagmula sa pagkakasi ng banal na Espiritu sa yaong mga pinili na siyang maghayag nito (Hebreo 1:1, Juan 6:63, Efeso 6:17, 1 Juan 5:6). Kaya't ang mga mananampalataya ay pinapangaralang "kayo ay patnubayan ng ESPIRITU" , o ng kapangyarihan at paghihikayat ng katotohanang pnanampalatayahan (Galacia 5:16-18).

Ang BANAL na ESPIRITU na kung minsan ay binibigyan ng katauhan (tulad ng maraming walang buhay na mga bagay gaya ng kayamanan, karunungan kasalanan, at ibp.) ay hindi isang persona, kundi ang "isang espiritu" ng Diyos na ginagamit sa mga natatanging layunin, ang iba bilang sa pagganap ng "mga himala, mga tanda, at mga kababalaghan"(Gawa 1:18, 2:1-4, 2:22, 10:38).

Ang KALOOB NG ESPIRITU ay iginawad sa mga mananampalataya bilang isang patotoo sa katotohanan, sa pamamagitan ng pagpatong sa ulo ng kamay na mga apostol (Gawa 8:18). Sa pagpanaw ng mga Apostol ang kapangyarihan sa pagsasalin ng mga kaloob na ito ay hindi na nanatili, at ang kaloob ay natigil (1 corinto 13:8).

SI JESUCRISTO

Si Jesucristo ay hindi Diyos na anak, kungdi siya'y anak ng Diyos, na ipinanganak ng birheng si Maria sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (Mateo 2:18-23, Lucas 1:31-35, Galacia 4:4). Siya ay tao na kalahi natin, na may pagkatao tulad ng lahat na kinapal (1 Timoteo 2:5, Hebreo 2:14-17).

SIYA ANG PINAKATAMPOK NA KATAUHAN SA PLANO NG DIYOS SA PAGTUTUBOS, Bilang ang anak na ipinangako sa Eden (Genesis 3:15, Galacia 4:4).Kay Abraham ,Kay David at sa iba pa, na sa pamamagitan niya ang mga pangako ay maisakatuparan at ang mga nananahan sa lupa ay pagpapalain (Genesis 22:17-18,Galacia 3:8,16, Awit 89:34-37, iugnay sa Gawa 13:22-23, at tunghayan din ang Galacia 3:14, 19 26:28, Gawa 4:12, Roma 15:8).

Si JESUCRISTO AY BABALIK ng personal at makikita sa lupa pagkatapos ng panahon ng mga Gentil (Gawa 1:11, 3:20-21, 2 Timoteo 4:1, Apocalipsis 1:17). Kaniyang itatatag ang kaharian ng Diyos (1 Corinto 15:25, Daniel 2:44, 7:13-14, Apocalipsis 11:15).

Si JESUCRISTO AY MAGIGING HARI NG MGA HARI dahil siya magkakaroon ng katuwang na mga hari at mga sacerdote, yaong mga nagging tapat sa lahat ng nagdaang kapanahunan, at bibihisan ng kawalang – kamatayan (Apocalipsis 5:9, 19:16, 20:4 , 1 Timoteo 2:12, Awit 149:5-9).

ANG KALIKASAN NG TAO

ANG TAO AY ISANG NILALANG MULA SA ALABOK, na binigyang buhay sa pamamagitan ng hininga ng buhay (Genesis 2:7,3:19, 7:21-22, 18:27, Awit 103:14). Maliban sa pagkabuhay namag-uli, siya ay walang pag-asa (1 Corinto 15:17-18, Efeso 2:12).

Ang KALULUWA,sa kaniyang pangunahing kahulugan ay tumatayo sa nilalang. Ito ay ibat-ibang isinalin na "buhay " "nabubuhay " . "tao", : "katauhan", "sarili", "katawan", at "hayop", Ito ay nakakain ,nabubuhay , namamatay, nasasakal, at nasisira (Genesis 2:7, Josue 10:28, Job 7:15, Awit 56:13, 78:50, 89:48, 116:8, Isaias 29:8, 53:12, Ezekiel 18:4, 20, Gawa 3:23).

SA KALAGAYANG KAMATAYAN, ang tao ay lubusang walang pagiisip at (maliban sa pagkabuhay na mag-uli) may katiyakang mamatay. (Ecclesiastes 3:16-21, 9:5, 19, Isaias 38:18, Awit 6:5, 49:12, 14, 19-20, 146:3-5, 1 Corinto 15:13-180).

ANG “INFIERNO” AY ANG DAKO NG KAMATAYAN, ang kataga ay katumbas ng salitang Hebreo na “sheol” o “hades” sa salitang Griego. Ang kapuwa salita ay nangangahulugang “isang nakatagong dako” at kadalasang isinaling “libingan” o “hukay”. Ang “revised Version” na Biblia at ang mga katukuyang palugit ay nagpapakita na ang “libingan” o “infierno” ay ang salin ng “sheol” at “hades” . Ang kapuwa kataga ay kinakailangang palagiang isalin bilang “libingan” (ihambing ang Awit 9:17 sa 31:17, Awit 30:3, Gawa 2:27, 30-32).

Ang “GEHENNA” ay pangalan ng isang dako sa labas ng Jerusalem kung saan ang apoy ay patuloy na sumusunog sa basura ng lungsod . ang kataga ay naglalarawan ng walang hanggang pagkasira (yaong nalilipol sa kamatayan) ng mga masasama (Marcos 9:47-48).

ANG SANHI NG KASALANAN

Ang “DIABLO” ay nagmula sa salitang Griego na Diabolos na nangangahulugang “palabintangin”. Ito ay isinalin sa 1 Timoteo 3:11, 2 Timoteo 3:3, Tito 2:3. Ang pangkalahatang kahulugan ay ang kasalanan o pagsasalangsang, ito man ay inihayag sa pansarili o pangpulitika. Ito rin ay ginagamit sa masamang pagnanasa at mga kagawian ng kalakasan ng tao na tiyakang nagaakay sa pagkakasala at hindi isang makapangyarihang nilikha (ihambing ang 1 Juan 3:8 sa Santiago 4:1, Gayon din ang Hebreo 2:14 sa 1 Corinto 15:56, tingnan sa Roma 5:12,21, 6:23).

Ang **SATANAS** ay isang katagang Hebreo na nangangahulugang “kalaban”, ”kaaway”, o “palabintangin”. Kung minsan ito ay ginagamit sa isang mabuting kalaban (Ihambing ang 1 Cronica 21:1 at 2 Samuel 24:1). Ito ay ginamit sa isang anghel na humadlang sa kasamaan (Bilang 22:22,32). Si Apostol Pedro ay nagging isang “satanas” sa isang pangyayari ng kanyang hadlangan ang kaniyang panginoon (Mateo 16:23). Ang mga hari at mga maykapangyarihan ay naging kalaban o “satanas” (tunghayan sa 1 Samuel 29:4, 2 Samuel 19:22, 1 Hari 11:14, 23, 25 kung saan ang salitang “kaaway” ay ang salitang “satanas” sa Hebreo, 1 Timoteo 1:20).

ANG PLANO NG PAGTUTUBOS

ISANG KAUTUSAN ang binigay sa unang tao (Adan) na nilalang ng Diyos na “mabuti”, at ang patuloy na pagkabuhay ay nakasalalay sa pagsunod nito Genesis 2:17, 3:1-3.

ANG PAGKAMAMATAYIN ay nagiging mana ng sangkatauhan bunga ng pagsalangsang s autos ng Diyos ni Adan at ni Eba, kaya’t ang tao sa ngayon ay may likas na katutubong tinadhanang kamatayan (Genesis 3:17-19, Roma 5:12,18, 1 Corinto 15:21-22, Awit 6:5, 89:48, Job 3:15-19, 4:17, Ecclesiastes3:19-20, 9:5-6, Isaias 38:18-19, Gawa 2:29, 13:36).

ANG PAKIPAGSUNDO AT KATUBOSAN ay itinakda ng Diyos sa habag, na ihahayag sa pamamagitan ng pinangakong Anak na dudurog sa ulo ng “ahas” (pagsasalarawan sa kasalanan at kamatayan). Si Cristo samakatuwid ay nahayag upang isakatuparan ang pagsawalang bisa ng kasalanan at kamatayan (Genesis 3:14-16, Roma 7:24, 8:1-4, Hebreo 2:14, 1 Pedro 1:19-20, 1 Juan 3:5).

SINA ABRAHAM AT DAVID ay pinangakuan na ang binhi ay manggagaling sa kanilang mga lahi, at pinagkalooban ng “dakila at mahahalagang mga pangako” na bumubuo ng panukala ng Diyos sa pagtubos sa tao. Kinakailangang magkaroon ng kaugnayan sa kanila, kung hindi, tayo ay walang pag-asa (Genesis 12:3, 2 Samuel 7:12-16, Roma 4:13, Efeso 2:11-13, 4:18, Hebreo 11:10-13, 39-40, 2 Pedro 1:4).

ANG PANSARILING PANANAGUTAN

ANG PANINIWALA ang siyang unang pangangailangan sa kaligtasan, dahil upang magkaroon ng kaugnayan sa mga pangako ng Diyos, kinakailangan maunawaan ito, at magpabautismo. Ito ay paglibing o paglubog sa tubig pagkatapos sumampalataya sa Ebanghelio, kinakailangan ito sa pagtubos sa mga kasalanan at kaugnayan kay Cristo (Marcos 16:15-16, Gawa 2:38, 8:12, 37, 10:6, 47,22:16, Roma 6:3-5, Colosas 2:12).

ANG PAGSUNOD sa mga utos n gating panginoon ay kailangang kasunod ng bautismo (Mateo 28:20, Juan 14:15, 23, Roma 2:6-7, Filipos 2:12, 2 Pedro1:3-11).

ANG PAGKABUHAY NA MAGULI niyaong may pananagutan sa Diyos (at ang pagkaalam ng kaniyang kalooban ay nagdudulot ng pananagutan – Juan 12:48) ay mangyayari sa pagbabalik ni cristo (Daniel 12:2 , Juan 5:28-29, Gawa 24:15- ihambing sa Awit 49:19-20, Isaias 26:14, Jeremias 51:39, 57- na nagtuturo na marami ang hindi babangon mula sa libingan sa kadahilanang hindi alam ang ebanghelio – Efeso 4:18), yaong nasumpungang karapatdapat ay makaranas ng pagbabago mula sa pagkamamatayin tungo sa walang kamatayan (Juan 6:39, 1 Corinto 15:50-53, Filipos 3:21, 2 Corinto 5:10, 2 Timoteo 4:8, Mateo 5: 5, 25:31-34).

ANG KAHARIAN NG DIYOS

ANG EBANGHELIO ay naglalaman ng mga bagay tungkol sa kaharian ng diyos at ang pangalan ni Jesucristo (Lucas 9:2,6, Gawa 8:12, 19:8), at ito ay naipangaral kay Abraham sa mga pangakong ipinagkaloob sa kaniya (Galacia3:8).

ANG KAHARIAN NG DIYOS ay isang kaharian na itatatag sa lupa. Ito ay lilipol sa lahat ng mga nakatayong kaharian o kapamahalaan at halinhan ang mga yaon, at manatili magpakailanman (Daniel 2:44, 7:13-14, 27, Apocalipsis 11:15, Awit 72, Mika 4:6-8, Mateo 5:35, Lucas !:32-33)

ANG "MILLENIUM" ay nauugnay sa 1000 taon na paghahari ng kapayapaan na kasunod ng pagbabalik ng Panginoong Jesus at ang pagtatag ng kaniyang kaharian (Apocalipsis 20:6). Ang layunin ni Cristo ay igupo ang lahat ng kaaway at ang kahulihulihan ay ang kamatayan. Pagkatapos ng 1000 taong paghahari, may kasunod pang pagbabangon muli mula sa patay niyaong mga namatay sa loob ng panahong ito, ay yaong karapatdapat ay bibigyan ng walang hanggang buhay, at yaong di-karapatdapat ay itatakda sa "pangalawang kamatayan". Ang kamatayan mismo ay maaalis at ang kaharian ay ibibigay sa Ama na Siyang maging "lahat sa lahat"(Isaias 25:6-8, 1 Corinto 15:24-28, Apocalipsis 20:7, 11-14).

Kaya't ang plano ng Diyos na nagpasimuno sa katagang (sa pasimula, ang Diyos……"(Genesis 1:1), ay magwawakas sa huling larawan ng kaluwalhatian:ang Diyos ay lahat sa lahat (1 Corinto 15:28). Sa loob ng nasasakupan ng panukalang yaon makakasumpong ka ng isang dako sa pamamagitan ng pananampalataya sa Ebangelio at pagkamasunurin sa mga alituntunin nito (Marcos 16:15-16).